# *Bantay Yugto 12*
## *Ang Bantay ay Dapat Maging Tiyak sa Pagpili ng Dios Para sa Pag-aasawa*

Sa mensaheng ito, ihahambing natin ang dalawang halimbawa ng dalawang lalaki, kung paano nila pinili ang kanilang katuwang sa buhay sap ag-aasawa. Ang isa ay isang mabuti at matagumpay na bantay para sa layuning ito ngunit ang isa naman ay hindi nagtagumpay at hindi nagawa ang kalooban ng Dios kaugnay sa bagay na ito.

***1.*** Ang unang halimbawa ay ang alipin ni Abraham na inatasan ni Abraham na humanap at dalhin ang tamang katuwang para kay Isaac. Babasahin natin ang kanyang salaysay dito. ***"1 At si Abraham ay matanda na, at lipas na sa panahon: at pinagpala ng PANGINOON si Abraham sa lahat ng mga bagay. 2 At sinabi ni Abraham sa kaniyang alilang katiwala, sa pinakamatanda sa kaniyang bahay na namamahala ng lahat niyang tinatangkilik: Ipinamamanhik ko sa iyo na ilagay mo ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita: 3 At ikaw ay aking pasusumpain, alangalang sa PANGINOON sa Dios ng langit at Dios ng lupa, na hindi mo papag-aasawahin ang aking anak sa mga anak ng mga Cananeo na siyang aking pinakikitahanan: 4 Kundi ikaw ay paroroon sa aking lupain, at sa aking kamaganakan, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak na si Isaac. 5 At sinabi sa kaniya ng lingkod, Sakaling hindi iibigin ng babae na sumama sa akin sa lupaing ito: dapat ko bang ibalik ang anak mo sa lupaing pinanggalingan mo? 6 At sinabi sa kaniya ni Abraham, Ingatan mong huwag ibalik doon ang aking anak. 7 Ang PANGINOON, ang Dios ng langit, na kumuha sa akin sa bahay ng aking ama, at sa lupaing aking tinubuan, at sa akin ay nagsalita, at sa akin ay sumumpa, na nagsasabi, Sa iyong binhi, ibibigay ko ang lupaing ito: ay magsusugo siya ng kaniyang anghel sa unahan mo, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak. 8 At kung ang babae ay ayaw sumama sa iyo, ay maliligtas ka rito sa aking sumpa; huwag mo lamang pabalikin ang aking anak doon. 9 At inilagay ng alilang katiwala ang kaniyang kamay sa ilalim ng hita ni Abraham na kaniyang panginoon, at sumumpa sa kaniya tungkol sa bagay na ito. 10 At kumuha ang alilang katiwala ng sangpung kamelyo sa mga kamelyo ng kaniyang panginoon, at yumaon; na dala ang pinakamabuti sa lahat ng pag-aari ng kaniyang panginoon: at tumindig at napasa Mesopotamia, sa bayan ni Nachor. 11 At kaniyang pinaluhod ang mga kamelyo sa labas ng bayan, sa tabi ng balon ng tubig, ng dakong palubog na ang araw, na kapanahunan nang paglabas ng mga babae upang umigib ng tubig. 12 At sinabi, Oh PANGINOON, Dios ng aking panginoong si Abraham, ipinamamanhik ko sa iyong pagkalooban mo ako ng mabuting kapalaran ngayon, at ikaw ay magmagandang loob sa aking panginoong kay Abraham. 13 Narito, ako'y nakatayo sa tabi ng bukal ng tubig: at ang mga anak na babae ng mga tao sa bayan, ay nagsilabas upang umigib ng tubig: 14 At mangyari nga na ang dalagang aking pagsabihan, Ibaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabi, Uminom ka, at paiinumin ko pati ng iyong mga kamelyo: maging siyang iyong itinalaga sa iyong lingkod na kay Isaac: at sa ganito ay malalaman kong nagmagandang loob ka sa aking panginoon. 15 At nangyari, na bago natapos ang pananalita niya, ay narito si Rebeca na ipinanganak kay Bethuel, na anak ni Milca, na asawa ni Nachor na kapatid ni Abraham na lumalabas na pasan ang kaniyang banga sa kaniyang balikat. 16 At ang babae ay may magandang anyo, dalaga, na hindi pa nasisipingan ng lalake: at lumusong sa bukal, at pinuno ang kaniyang banga, at umahon. 17 At tumakbong sinalubong siya ng alilang katiwala na sinabi, Makikiinom ako ng kaunting tubig sa iyong banga. 18 At sinabi niya, Uminom ka, panginoon ko: at nagmadaling ibinaba ang banga sa kaniyang kamay, at pinainom siya. 19 At pagkatapos na kaniyang mapainom, ay sinabi, Iyiigib ko naman ang iyong mga kamelyo, hanggang sa makainom na lahat. 20 At ibinuhos na dalidali ang kaniyang banga sa inuman, at tumakbong muli sa balon upang umigib at iniigib ang lahat niyang kamelyo. 21 At siya'y tinitigan ng lalake; na hindi umiimik, upang maalaman kung pinagpala ng PANGINOON ang kaniyang paglalakbay o hindi." (Genesis 24:1-21 KJV)*** Tunay na nang Talagang nagbigay si Abraham ng malinaw na tagubilin sa kanyang lingkod tungkol sa paghahanap ng babae:

A. Ang babae ay hindi dapat mula sa mga Canaanita at nangangahulugan ito na hindi siya dapat hilahin si Isaac sa mga makamundong gawain at maling relihiyon.

B. Ang babae ay dapat mula sa kanyang sariling bansa at mga kamag-anak, at nangangahulugan ito dapat ay iwan ng babae ang kanyang lumang relihiyon at mga kaugalian.

C. Huwag kailanman ibalik si Isaac sa kanyang dating bansa; at nangangahulugang ipagpapatuloy at pagtitibayin ng plano ng Dios para kay Isaac at hindi siya babalik sa pagsamba sa dios-diosan na iniwan nina Abraham at Sarah.

D. Ang babae ay dapat na pinili at ibigay ng Dios gaya ng ipinangako ni Abraham sa kanyang lingkod sa pamamagitan ng pahayag ng pananampalataya na ito: ***"7 Ang PANGINOON, ang Dios ng langit, na kumuha sa akin sa bahay ng aking ama, at sa lupaing aking tinubuan, at sa akin ay nagsalita, at sa akin ay sumumpa, na nagsasabi, Sa iyong binhi, ibibigay ko ang lupaing ito: ay magsusugo siya ng kaniyang anghel sa unahan mo, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak." (Genesis 24:7 KJV)***

Sumunod ang alagad sa mga tagubiling iyon at tunay na isinabuhay ang mga ito. Nang siya ay pumunta upang hanapin ang isang asawa para sa kanyang panginoon, ***Una***, hindi siya pumunta sa bahay-aliwan o parke, at nanalangin na doon siya makatagpo ng isa, kundi sa balon ng tubig, umaasang makakita ng isang abala at masipag na nagtatrabaho sa kanyang bahay. ***Pangalawa***, pagdating niya sa lugar ay hindi niya hinanap o inusisa ang uri ng babaeng nais ng lalaki, tulad ng bata, maganda, o may ganitong o ganyang katangian sa kagandahan. ***Pangatlo***, sa halip ang alagad ay nanalangin sa Panginoon at humingi ng tulong at biyaya mula sa Dios para sa layuning iyon. Ipinanalangin niya ang mga sumusunod***: "12 At sinabi, Oh PANGINOON, Dios ng aking panginoong si Abraham, ipinamamanhik ko sa iyong pagkalooban mo ako ng mabuting kapalaran ngayon, at ikaw ay magmagandang loob sa aking panginoong kay Abraham. 13 Narito, ako'y nakatayo sa tabi ng bukal ng tubig: at ang mga anak na babae ng mga tao sa bayan, ay nagsilabas upang umigib ng tubig: 14 At mangyari nga na ang dalagang aking pagsabihan, Ibaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabi, Uminom ka, at paiinumin ko pati ng iyong mga kamelyo: maging siyang iyong itinalaga sa iyong lingkod na kay Isaac: at sa ganito ay malalaman kong nagmagandang loob ka sa aking panginoon." (Genesis 24:12-14 KJV) Pang apat*** hinidi niya hiniling sa Dios na ipakita ang isang magandang o batang babae, ngunit ito ang kanyang dalangin. ***"At mangyari nga na ang dalagang aking pagsabihan, Ibaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabi, Uminom ka, at paiinumin ko pati ng iyong mga kamelyo: maging siyang iyong itinalaga sa iyong lingkod na kay Isaac: at sa ganito ay malalaman kong nagmagandang loob ka sa aking panginoon."*** Ang lingkod ni Abraham ay naghahanap para sa isang babaeng masipag (hindi tamad, laki sa layaw na babae), mapagbigay (hindi sakim), mabuting tumanggap ng panauhin (hindi isang babaeng walang abilidad), katuwang (hindi pasanin), at matalinong babae (hindi walang utak) upang maging angkop na asawa para kay Isaac. Ito ang maaari nating matutunan dito, kapag may isang tao na handa at nakahanda na para sa pag-aasawa, dapat tayong maging nasa wastong isip at manalangin sa paghahanap ng babaeng lingkod ng Dios at makakatulong sa lalaki sa kanyang buhay at misyon sa Panginoon.

Ang lingkod ay nanalangin tungkol sa nasa kanyang puso at pinakinggan ng Dios ang kanyang mga panalangin dahil ito ay alinsunod sa kalooban ng Dios at dinala sa kanya si Rebekah. ***"21 At siya'y tinitigan ng lalake; na hindi umiimik, upang maalaman kung pinagpala ng Panginoon ang kaniyang paglalakbay o hindi." (Genesis 24:21 KJV)*** Ang lingkod ay tapat na bantay at hangad na makatiyak na sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin at nagawa niyang makakita ng isang asawa para kay Isaac.

Sa gayong paraan diringgin ng Panginoon ang ating mga panalangin habang sumusunod tayo sa Kanyang kalooban at plano at magagawa natin at papatnubayan tayong matuklasan ang Kanyang pagpili para sa mga lalaking handa at ganap na para sa pag-aasawa.

***2.*** Ang ikalawang halimbawa ay si Jacob na ipinadala ng kanyang ama na si Isaac upang hanapin ang isang asawa mula sa mga kamag-anak ng kanyang ina. Si Isaac at Rebekah ay naiinis na dahil si Esau ay nag asawa sa mga babae na mga Heth, ***"46 At sinabi ni Rebeca kay Isaac, Ako'y yamot na sa aking buhay, dahil sa mga anak na babae ni Heth: kung si Jacob ay magasawa sa mga anak ni Heth na gaya ng mga ito, ng mga anak ng lupaing ito, ano pang kabuluhan sa akin ng aking buhay?" (Genesis 24:46 KJV) "1 At tinawag ni Isaac si Jacob, at siya'y binasbasan, at siya'y pinagbilinan, na sinabi sa kaniya, Huwag kang magaasawa sa mga anak ng Canaan. 2 Tumindig ka, pumaroon ka sa Padan-aram, sa bahay ni Bethuel, na ama ng iyong ina, at magasawa ka roon sa mga anak ni Laban, na kapatid na lalake ng iyong ina. 3 At ikaw ay pagpalain nawa ng Dios na Makapangyarihan sa lahat, at ikaw ay palaguin, at ikaw ay paramihin, upang ikaw ay maging kapisanan ng mga bayan; 4 At ibigay nawa sa iyo ang pagpapala kay Abraham, sa iyo, at sangpu sa iyong binhi; upang iyong ariin ang lupaing iyong pinaglakbayan, na ibinigay ng Dios kay Abraham." (Genesis 28:1-4 KJV)*** Tunay na isinugo ni Jacob na may malinaw na taguilin tulad ng pagsugo ni Abraham sa kanyang alipin at may katiyakan na gagawin ng Dios kay Jacob gaya ng ginawa ng Dios sa kanya sa pagpapatnubay sa kanya upang maging asawa si Rebeka.

Si Jacob ay mapagmatyag din tulad ng mababasa natin rito: ***"1 Nang magkagayo'y nagpatuloy si Jacob ng kaniyang paglalakbay, at napasa lupain ng mga anak ng silanganan. 2 At siya'y tumingin, at nakakita ng isang balon sa parang, at narito, may tatlong kawan ng mga tupa na nagpapahinga sa tabi roon: sapagka't sa balong yaon pinaiinom ang mga kawan: at ang batong nasa ibabaw ng labi ng balon ay malaki. 3 At doon nagkakatipon ang lahat ng kawan: at kanilang iginugulong ang batong nasa ibabaw ng labi ng balon, at pinaiinom ang mga tupa, at muling inilalagay ang bato sa ibabaw ng labi ng balon, sa dako niyaon. 4 At sinabi sa kanila ni Jacob, Mga kapatid ko, taga saan kayo? At kanilang sinabi, Taga Haran kami. 5 At sinabi niya sa kanila, Nakikilala ba ninyo si Laban na anak ni Nachor? At kanilang sinabi, Nakikilala namin siya. 6 At sinabi niya sa kanila, Siya ba'y mabuti? At, kanilang sinabi, Siya'y mabuti: at, narito, si Raquel na kaniyang anak ay dumarating na dala ang mga tupa. 7 At sinabi niya, Narito, maaga pa, ni hindi oras tipunin ang mga hayop: painumin ninyo ang mga tupa, at inyo silang pasabsabin. 8 At kanilang sinabi, Hindi namin magagawa hanggang sa magkatipon ang lahat ng kawan, at igugulong ang bato mula sa labi***

***ng balon; gayon nga aming pinaiinom ang mga tupa. 9 Samantalang nakikipagusap pa siya sa kanila, ay dumating si Raquel na dala ang mga tupa ng kaniyang ama; sapagka't siya ang nagaalaga ng mga iyon. 10 At nangyari, nang makita ni Jacob si Raquel na anak ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina, at ang mga tupa ni Laban na kapatid ng kaniyang ina, na lumapit si Jacob at iginulong ang bato mula sa labi ng balon, at pinainom ang kawan ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina. 11 At hinagkan ni Jacob si Raquel; at humiyaw ng malakas at umiyak. 12 At kay Raquel ay sinaysay ni Jacob na siya'y kapatid ni Laban, na kaniyang ama, at anak siya ni Rebeca: at siya'y tumakbo at isinaysay sa kaniyang ama. 13 At nangyari, nang marinig ni Laban ang mga balita tungkol kay Jacob, na anak ng kaniyang kapatid, ay tumakbo siya na kaniyang sinalubong, at kaniyang niyakap at kaniyang hinagkan, at kaniyang dinala sa kaniyang bahay. At isinaysay ni Jacob kay Laban ang lahat ng mga bagay na ito." (Genesis 29:1-31 KJV)*** Nakita ni Jacob ang balon ng tubig sa parang at nakita rin si Raquel, ***"10 At nangyari, nang makita ni Jacob si Raquel na anak ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina, at ang mga tupa ni Laban na kapatid ng kaniyang ina, na lumapit si Jacob at iginulong ang bato mula sa labi ng balon, at pinainom ang kawan ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina." (Genesis 29:10 KJV)*** Ngunit si Jacob ba ay mabuting bantay upang pumili ng kanyang asawa gaya ng pagpili ng alagad ni Abraham kay Rebeka para kay Isaac? Ating basahin pa upang malaman ang sagot.

***"14 At sinabi sa kaniya ni Laban, Tunay na ikaw ay aking buto at aking laman. At dumoon sa kaniyang isang buwan. 15 At sinabi ni Laban kay Jacob, Sapagka't ikaw ay aking kapatid ay nararapat ka bang maglingkod sa akin ng walang bayad? sabihin mo sa akin kung ano ang magiging kaupahan mo. 16 At may dalawang anak na babae si Laban: ang pangalan ng panganay ay Lea, at ang pangalan ng bunso ay Raquel. 17 At ang mga mata ni Lea ay mapupungay; datapuwa't si Raquel ay maganda at kahalihalina. 18 At sininta ni Jacob si Raquel; at kaniyang sinabi, Paglilingkuran kitang pitong taon dahil kay Raquel na iyong anak na bunso." (Genesis 29:14-18 KJV)*** Pinili ni Jacob na magsikap ng pitong taon at nagtrabaho para maginng asawa si Raquel: ***Una***, ginawa niya ito nang walang panalangin o hanapin ang kalooban o pagpili ng Dios. ***Pangalawa***, ang kanyang desisyon ay batay lamang sa panlabas na kagandahan ni Raquel. ***Pangatlo***, hindi siya dapat pumili ng babae bago siya nakahanda para sa pag-aasawa. Maraming tao sa ngayon ay gumagawa ng maling mga pagpipilian para sa pag-aasawa batay sa emosyon, damdamin, at makamundong pagnanasa, hinahanap ang kagandahan ng babae at hindi hinahanap ang kalooban o plano ng Dios. Ipinapakita sa ***Genesis 29:20*** nang malinaw ang pangunahing dahilan ng pagpili ni Jacob. ***"20 At naglingkod si Jacob dahil kay Raquel, na pitong taon; at sa kaniya'y naging parang ilang araw, dahil sa pagibig na taglay niya sa kaniya."***

Alam ni Laban nang husto na hindi niya maaaring ipagkaloob si Raquel kay Jacob para sa kasal. Dapat niyang harapin si Jacob sa katotohanan ngunit hindi niya ito ginawa dahil ayaw niyang mawala ang serbisyo ni Jacob. Maraming mga pastor at pinuno ng simbahan ang kumikilos tulad ni Laban; pumapayag sila sa mga kasal na hindi naaayon sa kalooban at plano ng Dios dahil ayaw nilang mawalan ng mga kasapi o manggagawa sa simbahan.

Basahin natin ang nangyari pa: ***"19 At sinabi ni Laban, Magaling ang ibigay ko siya sa iyo, kay sa ibigay ko sa iba: matira ka sa akin. 20 At naglingkod si Jacob dahil kay Raquel, na pitong taon; at sa kaniya'y naging parang ilang araw, dahil sa pagibig na taglay niya sa kaniya. 21 At sinabi ni Jacob kay Laban, Ibigay mo sa akin ang aking asawa, sapagka't naganap na ang aking mga araw upang ako'y sumiping sa kaniya. 22 At pinisan ni Laban ang lahat ng tao roon at siya'y gumawa ng isang piging. 23 At nangyari nang kinagabihan, na kaniyang kinuha si Lea na kaniyang anak at dinala niya kay Jacob, at siya'y sumiping sa kaniya. 24 At sa kaniyang anak na kay Lea ay ibinigay na pinaka alilang babae ang kaniyang alilang si Zilpa. 25 At nangyari, na sa kinaumagahan, narito't si Lea: at kaniyang sinabi kay Laban: Ano itong ginawa mo sa akin? Hindi ba kita pinaglingkuran dahil kay Raquel? Bakit mo nga ako dinaya? 26 At sinabi ni Laban, Hindi ginagawa ang ganyan dito sa aming dako, na ibinibigay ang bunso, bago ang panganay. 27 Tapusin mo ang kaniyang sanglingo, at ibibigay rin naman namin sa iyo ang isa, dahil sa paglilingkod na gagawin mong pitong taon pa, sa akin. 28 At gayon ang ginawa ni Jacob, at tinapos niya ang sanglingo nito, at ibinigay ni Laban sa kaniya si Raquel na kaniyang anak na maging asawa niya. 29 At sa kaniyang anak na kay Raquel ay ibinigay ni Laban na pinaka alilang babae ang kaniyang alilang si Bilha. 30 At sumiping din naman si Jacob kay Raquel, at kaniya namang inibig si Raquel ng higit kay Lea, at naglingkod siya kay Laban na pitong taon pa." (Genesis 29:19-30 KJV)*** Si Jacob ay nilinlang at napilitan para sa maramihang pag-aasawa sa pag-aasawa sa ibang asawa dahil lamang sa kasakiman ni Laban para sa pagseserbisyo ni Jacob at sinamantala niya ang damdamin ni Jacob at nararamdaman. Ngunit sa wakas nalaman natin na si Raquel ay namatay naiwan si Lea kay Jacob, ang pinili ng Dios para sa kanya.

Maari rin natin pagpasayaham ang nangyari kay Jacob na hindi dapat isinugo ni Isaac si Jacob pabalik sa kanyang pamilya sa Mesopotamia at hindi binali ang kanyang tagubilin ng kanyang amang si Abraham sa kanyang lingkod ***"6 At sinabi sa kaniya ni Abraham, Ingatan mong huwag ibalik doon ang aking anak." (Genesis 24:6 KJV)*** Dahil hindi pinahintulutan ni Abraham si Isaac na bumalik sa kanyang bayan kung gayon hindi dapat isinugo ni Isaac si Jacob sa bayang iyon upang iligtas siya sa maraming kagulugan.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** * Tinawag ka ng Dios at ang Kanyang simbahan ngayon upang maging mabuti at tapat na bantay tulad ng lingkod ni Abraham upang payagan at italaga ang mga pag-aasawa na itinakda ng Dios. * Ikaw din ay mananagot na huwag hayaang mag-isa ang iyong mga anak na lalaki at babae at ilantad ang kanilang sarili sa panganib ng pagpili ng kanilang mga katuwang upang maiwasan ang mga suliranin at pang-aabuso tulad ng nangyari kay Jacob sa ilalim ng pang-aabuso ni Laban. Tayo ay manalangin … .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, at inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na naging malinawa ang mga bagay sa akin patungkol sa iyong pagpili at kalooban para sa pag- aasawa. Panginoon salamat sa iyo para sa lahat ng turo tungkol sa bantay sa mensaheng ito, at salamat para sa lahat ng pagtutuwid, sa mga pagsaway at sa pagpapayo na tinanggap namin mula sa iyo.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Ipagtapat at talikdan ang iyong kawalang ingat na sundin ang tagubilin tungkol sa paghahanda para sa MakaDios na pag-aasawa. Ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan sa paggawa ng iyong sariling kalooban at hindi ng kalooban o plano ng Dios sa iyong buhay at lalo na sa patungkol sa pag-aasawa. Ipagtapat at talikdan mo na ilantad ang iyong mga anak na lalake at babae sa panganib na pumili ng kanilang sariling katuwang sa buhay na mag-isa. Ipagtapat at talikdan ang iyong pagiging makamundong tao at ang iyong pagibig sa mga materyal na bagay. Ipagtapat ang kakulangan mo sa pagbabasa ng Salita ng Dios at sa iyong mga panalangin. Magsisi sa iyong hindi kahandaang maglingkod kay Cristo at magdusa para sa Kanya. Panginoon, patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ___________________.*

*Panginoon Ipanangako ko ang aking sarili na tumalima sa iyong plano at kalooban patungkol sa pag-aasawa. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na tulungan ang aking mga ank at patnubyaan sila na mapasa makaDios na pag-aasawa tulad ng ginawa ni Abraham para sa kanyang anak na si Isaac. Panginoon, tulungan mo ako at ibigay ang aking pangangailangan upang magpatuloy akong maglingkod sa Iyo.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan sa paggawa ng sariling nilang kagustuhan, at ipinangako ang kanilang buhay na sundin ang iyong kaloban patungkol sa pagpili sa pag-aasawa. Panginoon patnubayan mo sila ng iyong Banal na Espiritu na palakihin ang kanilang mga anak sa isang MakaDios na paraan, at sundin ang iyong tagubilin sa pagtulong sa kanila na makaDios na pag-aasawa. Panginoon gamitin ang kanilang buhay bilang mabuting patotoo sa iba upang sundin ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at tulungan kami na turuan ang iyong bayan ng iyong Salita at ng iyong kalooban tungkol sa paghahanda para sa makaDios na pag-aasawa. Panginoon dalangin namin para sa maraming makaDios na pag-aasawa na maganap at maraming makaDios na pamilya na mabuo sa aming simbahan. Panginoon puspusin kaming muli Banal na Espiritu at patnubayan kami na abutin ang bagong mga tao ng iyong Salita, upang mag evangelio, gumawa ng mga alagad, at magsanay ng mga mangagagwa upang yumaon at magtanim ng bagong pag aaral ng Biblia at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para maraming tao upang mabautismuhan sa tubig at tanggapin ang baustismo ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com